ANG **Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 2
Enero 21, 2019
www.philippinerevolution.info



EDITORYAL

# Magmartsa sa landas ng armadong pakikibaka hanggang tagumpay

Sa Marso 29, gugunitain ng sambayanang Pilipino at lahat ng kanilang rebolusyonaryong pwersa ang ika-50 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Okasyon ito para ipagdiwang ang mga tagumpay na natipon sa limang dekada ng mabalasik na armadong paglaban sa mga armadong galamay ng sinusuportahan ng US na reaksyunaryong gubyerno ng mga nang-aapi at nagsasamantala.

Sa pagdiwang ng ika-50 anibersaryo ng BHB, muling pagtitibayin ng lahat ng Pulang mandirigma at kumander nito, pati na ang mga kadre ng Partido at aktibistang masa, ang kanilang determinasyon na isulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka anuman ang hirap at sakripisyo, at gaanupaman ang itagal para wakasan ang pang-aapi at pagsasamantala sa sambayanang Pilipino sa ilalim ng neokolonyal na estado at maka-uring paghahari ng malalaking burgesyang komprador at malalaking panginoong maylupa.

Limampung taon nang bigo ang reaksyunaryong armadong pwersa na gapiin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng BHB sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido. Napangibabawan ng BHB ang walang-habas na mga opensibang militar ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na suportado ng US. Antas-antas itong lumakas, mula isang

*"Magmartsa...," sundan sa pahina 2*

## 44, kaswalti ng AFP sa Visayas

MAGKAKASUNOD NA AKSYONG militar ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga isla ng Samar, Negros at Panay noong Enero 4-19. Sa loob ng 16 na araw, 16 opensiba ang inilunsad ng BHB sa Visayas na nagdulot ng hindi bababa sa 44 kaswalti sa hanay ng Philippine Army. Katumbas ito ng hindi bababa sa dalawang kaswalti sa kaaway bawat araw sa loob ng panahong saklaw.

Sa iba pang panig ng bansa, tuluy-tuloy rin ang mga opensiba ng hukbong bayan.

**Negros Oriental.** Magkasabay na inatake ng BHB ang dalawang Peace and Development Team (PDT) ng 302nd IBde sa mga barangay ng Tacpao at Binobohan sa Gui-

*"44...," sundan sa pahina 3*

"Magmartsa...," mula sa pahina 1

kumpanya ng mga Pulang mandirigma noong 1969 tungong isang pambansang rebolusyonaryong hukbo, ang pinakamalakas sa kasaysayan ng sambayanang Pilipino.

Paulit-ulit ang kabiguan ng mga reaksyunaryo sa kanilang walang saysay na tangkang durugin ang BHB. Lalong makabuluhan, tangan ang mga aral sa nakaraan at determinadong pangibabawan ang mga kahinaan at kakulangan, buo ang loob at mataas ang kakayahan ng BHB na ibayong magpalakas at isulong ang digmang bayan sa mas matataas na antas at kamtin ang ganap na tagumpay sa di malayong hinaharap.

Ang paggunita sa ginintuang taon ng BHB ay lalong makabuluhan dahil napangingibabawan nito ang estratehikong opensiba sa ilalim ng National Internal Security Plan ng pasistang rehimeng Duterte na ipinatutupad ng AFP mula noong nakaraang taon.

Taliwas sa mga deklarasyon ng AFP mula 2015 ng layunin nitong ubusin ang BHB sa Eastern Mindanao, ang mga pwersa ng BHB sa mga rehiyong iyon ay patuloy na nakapagpupunyagi at nakaiipon ng tagumpay. Sa kabila ng pag-atras sa ilang bahagi, dulot pa ng mga internal na kahinaan, patuloy na pinangingibabawan ng BHB sa mga rehiyon sa Eastern Mindanao ang mga kahirapang bunsod ng sustenidong operasyong militar ng AFP.

Patunay ng determinasyon at kakayahan ng BHB na harapin ang superyor na pwersang militar ng kaaway, ang mga yunit nito sa Mindanao ay patuloy na nakapaglulunsad ng mayor na mga taktikal na opensiba na lumilipol sa mga pwersa ng kaaway at nagsasamsam sa mga sandata nito. Ilang ulit nang binigo nito ang mga nakapokus na opensibang militar na bumigwas sa mga sumusugod na pwersa ng kaaway. Sa nagdaang dalawang taon, tuluy-tuloy ding sumulong ang BHB sa Western Mindanao.

Mula nakaraang taon, parang sirang plaka si Duterte at kanyang mga upisyal militar sa pagdedeklara ng planong durugin ang BHB hanggang kalagitnaan ng taong ito. Subalit sa harap ng litaw at di mapasubaliang pagsulong ng BHB sa buong bansa, nagbago ito ng tono at iniusog ang dedlayn (sa ikailang ulit) hanggang katapusan ng 2022. Matapos palawigin ang batas militar sa Mindanao, pinalawig rin nito ang deklarasyon ng "state of national emergency" hanggang Bicol sa Luzon, at sa mga prubinsya ng Negros at Samar sa Kabisayaan, para saklawin ang halos kalahati ng bansa.

Tinapos ng BHB sa mga rehiyon sa Luzon at Visayas ang ilang taon ng mabagal na pag-unlad at nagtamo ng makabuluhang pagsulong, nilulutas ang mga suliranin tulad ng sobrang dispersal, pagkukupot-sa-sarili, konserbatismong militar at iba pa. Ang mga yunit ng BHB sa hilaga at timog Luzon at sa mga rehiyon sa Visayas ay antas-antas na lumalakas. Matingkad itong ipinakikita ng dumadalas na matagumpay na taktikal na opensiba ng BHB mula huling bahagi ng 2018.

Determinado ang BHB na tuparin ang mga tungkuling iniatang sa kanya ng Partido sa takbo ng kasalukuyang limang-taong programa ng Komite Sentral. Layunin nitong magrekrut ng ilanlibong dagdag na Pulang mandirigma at dalhin ang digmang bayan sa bagong mataas na antas.

Itong taon, determinado ang BHB na biguin ang nagpapatuloy na estratehikong opensiba ng rehimeng US-Duterte at ng AFP, pwersang pulis at mga grupong paramilitar nito. Layunin ng BHB na isulong ang momentum ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa mga darating na buwan sa pamamagitan ng paglulunsad ng higit na maraming mga anihilatibong taktikal na opensiba para lipulin ang mga yunit ng kaaway at kunin ang kanyang mga sandata.

Lalong nabibigo at desperado

"Magmartsa...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo L Blg. 2 | Enero 21, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroom

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Magmartsa sa landas ng armadong pakikibaka hanggang tagumpay 1

44, kaswalti ng AFP sa Visayas 1

Abanteng gawaing medikal sa NCMR 5

Kumperensyang medikal sa NCMR 7

Pandarahas ng rehimen 7


Tuluy-tuloy na mga protesta 9

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"44...," mula sa pahina 1

hulngan City noong Enero 19, alas-4:47 ng madaling araw.

Ni-reyd ng mga kasama ang PDT sa *barangay hall* at Day Care Center ng Tacpao gamit ang mga *command-detonated* na explosibo (CDX). Sinundan ito ng bugso ng mga granada at *rifle grenade* mula sa umaabanteng yunit ng BHB. Namatay sa naturang reyd ang 12 sundalo.




Kasabay nito, pinaputukan din ng mga Pulang mandirigma ang PDT sa katabing barangay ng Binobohan.

Noong Enero 14, alas-8:40 ng umaga, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang isang platun ng 94th IB sa pamumuno ni Capt. Joshua Lodrigito habang binabaybay ng kanilang trak ang hangganan ng Sityo Kaningag at Sityo Kanlabaw sa Barangay Banwage, Guihulngan City. Siyam ang naitalang patay sa hanay ng 94th IB.

Noong Enero 4, magkasabay na pinaputukan ng BHB ang kampo ng 94th IB sa Barangay Linantuyan, Guihulngan City at 62nd IB sa Barangay Sikatuna, Isabela, Negros Occidental. Dalawang sundalo ang naitalang kaswalti sa mga aksyong ito.

**Negros Occidental.** Sa opensiba ng BHB sa Sityo Pacama, Barangay Magballo, Kabankalan City noong Enero 18, nagtamo ng isang patay at isang sugatan ang 15th IB. Bago nito, isang sundalo ang sugatan matapos maglunsad ng operasyong haras ang mga kasama laban sa kampo ng Bravo Coy 62nd IB sa Barangay Hilamonan ng parehong syudad noong Enero 11, alas-7:45 ng gabi.

**Western Samar.** Siyam na sundalo, kabilang ang tatlong sarhento at tatlong corporal, ang sugatan matapos ambusin ng BHB-Western Samar ang 63rd IB noong Enero 11, pasado alas-4 ng hapon sa Barangay Bay-ang, San Jorge, Western Samar. Kumbinasyon ng CDX at mga riple ang ginamit ng mga Pulang mandirigma laban sa mga tauhan ni Lt. Col. Rizaldo Laurena.

Sa Barangay Concepcion, isang sundalo ang patay at dalawang iba pa ang sugatan matapos ang operasyong haras na inilunsad ng BHB laban sa kampo ng 52nd IB noong hatinggabi ng Enero 19.

"44...," sundan sa pahina 4

"Magmartsa...," mula sa pahina 2

ang rehimeng US-Duterte sa layunin nitong supilin ang armado at di armadong paglaban ng bayan. Sobrang binabatak nito ang pwersa ng AFP at pinagwawaldas ng napakalaking halaga ng pera ng bayan sa todong mga opensibang militar. Lalo't lalong pinupuwersa ang mga tropa nito na sumuong sa magkakasunod na operasyong pangkombat na halos di pinagpapahinga at may dumaraming kaswalti. Dadami at sisiklab ang mga tunggalian sa korapsyon at paboritismo sa hanay ng mga upisyal nito at sa pagitan ng mga upisyal at kawal. Lalong mahihirapan ang pagbibigay ng suportang militar ng US sa *total war* ni Duterte habang lalong lumalakas ang internasyunal na galit sa malalalang paglabag sa karapatang-tao at makataong batas.

Matinding pagpapahirap ang dulot ng rehimeng US-Duterte sa sambayanang Pilipino dahil sa pabigat na buwis, mga kaltas sa serbisyo, ibayong liberalisasyon ng importasyon, sobra-sobrang dayong pangungutang at iba pang mga patakarang neoliberal. Nagresulta ito sa lumalaking gastos sa pamumuhay, kawalan ng hanapbuhay at malawak na dislokasyon sa ekonomya sa hanay ng malawak na masang manggagagawa, magsasaka at petiburgesya at lalong pagbagsak ng pambansang burgesya. Lalong nababangkarote ang rehimeng Duterte sa harap ng lumalaking depisitong pangkalakalan at piskal, debalwasyon ng piso, kakulangan sa balanse ng kabayaran at iba pang problemang pampinansya. Lalong lumalala ang korapsyon sa harap ng pagdambong ni Duterte at mga alyado niya sa rekurso ng estado sa tahasang mga operasyong burukrata kapitalista at kriminal.

Sa harap ng lubos na pagkabigong lutasin ang malalaking problemang sosyo-ekonomiko ng bayan, lalong ginagamit ng rehimeng Duterte ang todong pampulitikang panunupil sa pamamagitan ng paghaharing militar at iba pang malupit na mga hakbangin. Ginagamit nito ang terorismo ng estado para patahimikin ang lahat ng kritisismo at pagtutol sa kanyang tiranikong paghahari. Laganap ang kaso ng mga ekstrahudisyal na pagpatay at mga masaker, mga pagdukot, arbitraryo at matagalang detensyon, pagsasampa ng gawa-gawang kaso, armadong pananakot at pamumwersa, pagbobloekyo ng pagkain, paghihigpit laban sa paggalaw ng mga tao at iba pang atake sa mga demokratikong karapatan.

Sa harap ng pasistang kriminal na pagsalakay ng rehimeng Duterte, lalong nahihimok ang sambayanang Pilipino na lumahok o sumuporta sa armadong pakikibakang isinusulong ng BHB. Sa ilalim ng paghahari ng teror ni Duterte, ang pangangailangang isulong ang armadong pakikibaka ay kagyat at kailangang-kailangan. AB

*"44...," mula sa pahina 3*

**Iloilo.** Dalawang sundalo ang sugatan nang ambusin ng BHB ang pinagsanib na mga tropa ng 61st IB at 33rd DRC sa Sityo Tigmahan, Barangay Almodias, Miag-ao noong Enero 11, alas-8 ng umaga.

Muling inambus ng BHB ang parehong tropa ng kaaway sa Sitio Tabiak, Barangay Dalije ng parehong bayan noong Enero 13, alas-11:30 ng umaga. Hindi bababa sa apat ang naiulat na kaswalti sa kaaway. Sa parehong araw, alas-5:30 ng umaga, isang elemento ng 61st IB ang sugatan matapos ang operasyong haras ng BHB sa kampo ng 61st IB at CAFGU sa Barangay Cabatangan, Lambunao.

Pinaputukan din ng BHB ang mga sundalong nakapusisyon sa Barangay Malitbog Ilaya, Bingawan noong Enero 13 ng gabi, at ang 61st IB sa Barangay Tigmalapad, Miag-ao noong Enero 16, alas-11:30 ng gabi.

**Antique.** Naglunsad ng operasyong haras ang BHB laban sa kampo ng CAFGU sa Barangay Osorio 1, San Remegio noong Enero 12 at 13.

**NORTHCENTRAL MINDANAO.** Labing-isa ang kaswalti ng AFP sa dalawang opensiba ng BHB-NCMR sa Cabanglasan at Iligan City. Noong Enero 10, anim ang patay at isa ang sugatan sa 8th IB-CAFGU nang paputukan sila ng mga Pulang mandirigma habang nagtatayo ang mga sundalo ng kampo sa Sityo Miaray, Barangay Manggaod.

Noon namang Enero 15, isang yunit ng BHB ang nagsagawa ng operasyong haras laban sa 51st IB sa Barangay Mainit, Iligan City. Isa ang patay at tatlo ang sugatan sa mga sundalo.

Pinaralisa naman ng BHB-Bukidnon noong Enero 18 sa Sityo Kibalang, Lilingayon, Valencia City ang isang boom spray na pagmamay-ari ng DOLE Philippines, isang kumpanyang nagpoprodyus ng saging at pinya. Notoryoso ang DOLE sa pagsira sa kalikasan at pang-aagaw ng sakahan ng mga magsasaka't Lumad.

**NORTHEASTERN MINDANAO.** Tatlong aktibong depensa ang inilunsad ng BHB laban sa mga sundalo ng 4th ID na nanghahalihaw sa mga komunidad mula pa noong huling linggo ng Disyembre 2018.

**Agusan del Sur.** Noong Disyembre 23, pinasabugan ng BHB ng CDX ang nag-ooperasyong mga sundalo ng 26th IB sa Sumulon, Barangay Padiay, Sibagat. Isang operasyong haras naman ang isinagawa laban sa 3rd Special Forces Battalion sa kabundukan ng San Juan, Bayugan noong Enero 5.

**Surigao del Sur.** Pinasabugan din ng CDX ng mga Pulang mandirigma ang tropa ng 36th IB sa Manhulayan, Barangay Bolhoon, San Miguel noong Enero 7.

**SOUTHERN TAGALOG.** Patay si PO3 Rodelph De Saldajeno ng PNP-Rizal sa Palawan sa isinagawang operasyong partisano ng BHB sa Barangay Punta Baja noong Enero 8. Si Saldajeno ang pinuno sa paniktik ng PNP-Rizal at aktibong nagtatayo ng Barangay Intelligence Network laban sa rebolusyonaryong kilusan.

### Matatagumpay na armadong aksyon sa 2018

**BICOL.** Iniulat ni Ka Raymond Buenfuerza, tagapagsalita ng BHB-Bicol, na 101 taktikal na opensiba ang inilunsad ng BHB sa rehiyon noong 2018. Nagresulta ang mga ito sa 72 patay at 56 sugatan sa hanay ng mga pwersa ng 9th ID at PNP. Ilan sa mga aksyong ito ang 15 koordinadong opensiba sa buong rehiyon noong Disyembre 17-19, 2018.

Noon namang Enero 19, pinaputukan ng BHB ang kampo ng 31st IB sa Sityo Kabugaan, Barangay San Isidro, Bulan, Sorsogon.

**CENTRAL LUZON.** Magiting na binibigwasan ng mga Pulang mandirigma ang pasistang mga elemento ng AFP at PNP sa rehiyon. Ayon sa ulat ng BHB-Central Luzon, hindi bababa sa 14 ang napatay at apat ang sugatan sa hanay ng mga sundalo at pulis sa pitong magkakasunod na labanan mula Setyembre-Nobyembre 2018. Naganap ang mga labanang ito sa mga prubinsya ng Aurora at Nueva Ecija.

**Aurora.** Apat na sundalo ng 91st IB ang napatay sa mga kontra-atake ng BHB noong Setyembre 2 sa Barangay Villa Aurora at Nobyembre 14 sa Barangay Decoliat, kapwa sa bayan ng Maria. Sa panig ng BHB, pinarangalan ng mga kasama sina Gerald "Ka Mat" Salonga at Noli Boy "Ka Nomer" Ronquillo na namartir sa labanan noong Setyembre 2.

Noong Oktubre 6, inambus ng BHB ang sasakyan ng 1st Aurora Provincial Mobile Force Company sa Sityo Dicong, Barangay Villa Aurora. Hindi bababa sa tatlong pulis ang namatay. Noong Nobyembre 12, sa Sityo Boundary ng parehong barangay, nagsagawa ng operasyong haras ang mga Pulang mandirigma laban sa kampo ng 91st IB. Dalawang kaaway ang namatay habang tatlong iba pa ang sugatan.

**Nueva Ecija.** Lima ang napatay sa 84th IB sa magkasunod na kontra-atakeng inilunsad ng BHB sa bayan ng Pantabangan. Isinagawa ang mga aksyon sa mga barangay ng Malbang noong Nobyembre 1 at sa Masiway noong Nobyembre 8. Noong Setyembre 17, isang sundalo ang nasugatan matapos ang operasyong isnayp na isinagawa ng BHB sa kampo ng kaaway sa Sityo Baong, Barangay Labi, Bongabon.

Iniulat din ng BHB-Zambales ang pagparalisa nito noong Hunyo 23, 2018 sa dalawang *backhoe* na ginagamit para sa ginagawang Capas-Botolan Road. Ipinagbunyi ng mga residente sa lugar ang natamong hustisya laban sa pangangamkam ng kanilang mga sakahan sa ilalim ng nasabing proyekto. AB

# Mayaman at abanteng karanasan ng BHB-NCMR sa gawaing medikal

*Ang sumusunod na artikulo ay ambag ng Bagong Hukbong Bayan-North Central Mindanao (BHB-NCMR) sa serye sa Ang Bayan ng pagbabahagi ng mga abante at kontemporaryong karanasan ng BHB sa iba't ibang larangan ng gawain. Bahagi ito ng pagkilala sa mga naabot at tagumpay ng BHB sa nakaraang 50 taon. Hinihikayat ng Ang Bayan ang mga kumand sa operasyon ng BHB sa lahat ng antas na magbahagi ng kani-kanilang mga karanasan bilang bahagi ng paghahanda sa ika-50 anibersaryo ng BHB sa darating na Marso 29.*

"Ang gawaing pangkalusugan ay bahagi ng paglulunsad natin ng rebolusyon." Ito ang pahayag ni Ka Iris, kasapi ng Regional Medical Staff ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa North Central Mindanao Region (NCMR) sa panayam sa kanya noong Disyembre 2018.

Krusyal na tungkulin ang gawaing medikal sa BHB bilang isang nagsasariling hukbo at hukbo ng mamamayan. Saklaw nito ang pangangalaga sa kalusugan ng mga Pulang mandirigma, pagpapanatili ng sanitasyon, mga paunang lunas, pati na ang pagsasagawa ng mga mayor at maliliit na operasyong medikal. Kabilang sa mga mayor na operasyong medikal ang pagsasagawa ng *combat surgery* o pag-opera sa mga pinsalang dinanas sa armadong labanan.

Itinatatag ang mga komite o grupo sa gawaing medikal sa antas iskwad hanggang kumpanya. Pinapanday ang kakayahan ng mga kasapi nito sa mga teoretikal at praktikal na pagsasanay. Kabilang dito ang paglulunsad ng mga pag-aaral sa batayan, intermedya at abanteng mga kursong pangkalusugan.

Sa NCMR, umaabot na sa laking kumpanya ang bilang ng mga upisyal sa medikal sa rehiyon. Ilan nang mga kumperensya at pagsasanay ang inilunsad para paunlarin ang kanilang kakayahan. Resulta nito ang mas mabilis at tumpak na paghahatid ng mga batayang serbisyong pangkalusugan sa hukbo at mamamayan.

**Mga operasyong mayor at pangkombat**

Isa sa mga binibigyang-diin ng komite sa medikal sa rehiyon ang paggamot ng mga tama ng bala (*gunshot wound* o GSW) na natatamo ng mga Pulang mandirigma sa mga armadong labanan.

Isa sa breyktru ng komite ng medikal sa rehiyon ang matagumpay na operasyon para iligtas ang buhay ng isang Pulang mandirigma na tinamaan ng bala sa dibdib. Sa kauna-unahang pagkakataon noong Mayo, naisagawa ang isang *thoracostomy* sa loob ng larangang gerilya upang alisin ang pagdurugo sa loob ng *pleural cavity*, ang hungkag na kinalalagyan ng bala. Ang kundisyong ito ay tinatawag na *tension pneumothorax with hemothorax*, kung saan nalilimita ng dugo at tubig ang espasyo para sa baga. Sa pag-opera, binutas ang dibdib upang maipasok ang *chest tube* para sipsipin ang dugo.

Matamang sinubaybayan ng mga medik ang pasyente tungo sa unang istasyong medikal. Salit-salitan nila itong pinasan tungo sa pangalawang istasyon kung saan isinagawa ang operasyon. "Una namin siyang inoperahan sa duyan dahil hindi niya kayang humiga," salaysay ni Ka Mitch, isa sa mga medik ng yunit. "Apat na mga medik ang nagtulungan sa operasyon."

"Tensyonado kami dahil hindi pa kami nakagagawa ng ganitong *procedure*," dagdag pa ni Ka Mitch. "Medyo nahirapan." May ilang proseso na hindi agad nasunod dahil kulang ang gamit. "Maiksi ang dala naming mga *tube* kaya kailangan pa itong pagdugtungin."

"Sumangguni kami sa maraming dokumento at nakipagkonsultahan sa iba na may karanasan na sa ganitong operasyon." Tumagal nang isang oras ang aktwal na operasyon.

Nailigtas ang pasyente at matapos ang tatlong buwan ay nakakakilos na muli bilang regular na Pulang mandirigma.

Isa pang kamakailang karanasan ng rehiyon ang pagsasagawa ng *emergency redact procedure* sa

*"Mayaman...," sundan sa pahina 6*



*"Mayaman...," mula sa pahina 5*

isang magsasakang aksidenteng nataga ng palakol ang sariling niyang paa. Dumanas nang malalang troma ang kanyang *metacarpal* kabilang ang mga naputol na litid.


Agad na inorganisa ng mga medik ng BHB ang kanilang *operating room* matapos lapatan ng paunang lunas ang pasyente. Isinailalim nila sa *general anesthesia* ang pasyente habang kinumpuni ang nadurog na bahagi ng kanyang buto at pinagdugtong ang mga litid. Gamit ang mga pinakabatayang mga gamit pang-operasyon, puspusan ang pagsisikap ng mga medik na iligtas ang paa ng magsasaka.

"Apat na tim ng mga medik ang nasa loob ng *operating room*," pagbabagi ni Ka Amy, isa sa mga medik na sumaklolo. May tim ng mga mag-oopera (siruhano), may tim na nangasiwa sa anestisya, may "scrubs" o mga nars na assistant at tagaabot ng mga instrumento sa mga siruhano at "circulating team" (tagahanda ng mga gamit at iba pang pangangailangan).

"May panahon na tumaas ang *vital signs* ng pasyente. Problema ito kasi dahil may tsansa na humantong ang pasyente sa *cardiac arrest* (atake sa puso). May panahong tumaas sa 100 ang *pulse rate* ng pasyente na medyo ikinabahala ng mga *anesthesiologist* pero sa proseso ay nakontrol din ito."

Trabaho ng mga *anaesthesiologist* ang imonitor ang *vital signs* at epekto ng gamot sa pasyente. Dulot ng kawalan ng mga makinang medikal, berbal nilang binibigyan ng "update" ang mga siruhano ng *vital signs* tulad ng *blood pressure* ng pasyente kada sampung minuto. "Sa ibang operasyon, may *board* kami at papel kung saan iginuguhit ang padron ng *vital signs* ng pasyente," salaysay ni Ka Amy. "Pero sa operasyong ito, sinasabi na lang ng *anesthesiologist* ang mga *vital sign*."

Tumagal ng dalawang oras ang operasyon, medyo natagalan dahil sa masusing proseso ng pagtatahi ng *tendons* at balat ng pasyente.




Matamang sinubaybayan ng mga medik ang mga *vital sign* ng pasyente sa sumunod na 24-oras na binantayan ng mga medik ang pasyente. Isinagawa nila ang regular na paglilinis sa sugat, tiniyak na tama at nasa oras ang pag-inom ng kanyang mga gamot at sinubaybayan ang kanyang pag-ihi at pagdumi. Sa loob ng isang linggo, tuluy-tuloy na inalagaan ang pasyente. Ilang araw lamang ang lumipas, nasa landas na ng *full recovery* ang pasyente. Nagbilin ng detalyadong instruksyon ang mga medik sa pasyente at kanyang mga tagapag-alaga para tiyaking tama at nasa panahon ang paghilom ng kanyang sugat.

Laking pasalamat ng pasyente at kanyang pamilya dahil kung isinagawa ang operasyon sa isang pampubliko o pribadong ospital sa labas ng larangang gerilya, ilampung libong piso ang tiyak na kakailanganin nila para ipambayad pa lamang sa operasyon.

**Klinikang bayan**

Maliban pa rito, aktibo rin ang komite sa pagpaplano ng mga aktibidad medikal sa mga komunidad at baryo. Nagsasagawa ang BHB ng mga regular na klinikang bayan na nagbibigay ng libreng dental at medikal na konsultasyon at paggagamot sa masa.

Noong 2018, mahigit 5,000 pasyente ang sinaklaw ng serbisyong pangkalusugan gaya ng pagtsek-ap, pagtuli, pagbunot ng ngipin, pagkabit ng pustiso, pag-opera ng *cyst* at iba pa.

Nakapagtayo na rin ang rehiyon ng mga Barrio Medical Group (BMG) sa iba't-ibang mga larangan. Nagiging katuwang ang mga ito ng hukbong bayan sa pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad.

Pinauunlad din ng komite sa medikal ang paggamit sa mga halamang gamot na natural na makikita sa kabundukan. Inilulunsad nila ang mga treyning sa paggawa ng mga halamang gamot tulad ng mga *syrup* para sa ubo, mga haplas para sa sakit sa balat at iba pa.

Nagsasagawa rin ang mga medik ng *acupuncture*. May ilan silang karanasan na nakapagpakilos ng mga hindi makalakad at paralisado dahil sa regular na mga sesyon ng *acupuncture*.

May kapasidad ang rehiyon sa pagtsetsek-ap ng kalagayan ng mata. Kinokoordina ng komite ang pagpapagawa ng mga salamin sa mga sentrong bayan at syudad. May kakayahan rin ang mga kasamang medik na gumawa ng pustiso sa mga kasamang binunutan ng ngipin.

Hindi rin kaiba sa komite ang pangangalaga sa mga militar na nasusugatan sa panahon ng mga taktikal na opensiba ng hukbo. Nilalapatan ng paunang-lunas ng mga medikal ang mga ito.

Gayundin, mahusay na inalagaan ng mga kasapi ng komite ang naging mga bihag ng digma ng rehiyon. Mayroon silang karanasan ng pagbibigay ng araw-araw na tsek-ap sa mga ito at pagpapainom ng mga gamot pangmeyntenans para sa mga may *hypertension*, *diabetes* at iba pa.

Ayon kay Ka Iris, susi ang pagkakaisa sa loob ng komite para maisagawa ang mga arawang gawaing medikal. "Mas mabilis at mas maayos na naisasagawa ang mga gawain sa panahong kolektibo at nagtutulungan ang mga kasama sa medikal" dagdag pa niya.

"Ang obhetibong kalagayan ng umiigting at patuloy na pakikidigma ang magbibigay daan sa patuloy na pagkatuto ng mga medik" pagtatapos ni Ka Iris. AB

## Kumperensyang medikal sa NCMR, matagumpay

Sa kabila ng tuluy-tuloy na mga operasyong militar ng AFP, matagumpay na nailunsad ng BHB-NCMR ang panrehiyong kumperensyang medikal nitong Disyembre.

Nilahukan ito ng may 22 kadre at praktisyuner sa gawaing medikal mula sa mga istap pangkalusugan ng rehiyon, subrehiyon, hanggang sa mga larangan, at may kinatawan rin mula sa rebolusyonaryong organisasyon ng sektor pangkalusugan sa *urban*. Inabot ng 12 araw ang kumperensya kasama ang pagrebyu sa nakuhang mga pag-aaral sa nakaraan.

Layunin ng kumperensya na paunlarin ang praktika ng hukbo at lagumin ang naging mga karanasan nito. Ayon kay Ka Iris, *team leader* ng Regional Medical Staff, "Makakatulong ito sa pagbubuod ng mga karanasan mula sa iba't ibang mga larangan--ang mga luma at maling praktika ay maiwasto habang pinapaunlad ang mga tama."

Sa harap ng pinatinding operasyong militar, hindi natinag ang yunit ng hukbong bayan para pataasin ang kaalaman sa Rebolusyonaryong Gawaing Pangkalusugan. Mas umigting ang kagustuhan ng mga delegado na tapusin ang kumperensya sa kabila ng operasyong militar.

"Patunayan natin sa mga kaaway na kaya nating harapin ang bigwas ng kanilang operasyon," sabi pa ng isang delegado.

Masigla ang naging takbo ng diskusyon sa kumperensya dahil sa mga buhay na karanasang ibinahagi ng mga medikal mula sa iba't-ibang mga larangan.

Sabi pa ni Ka Mayo, isang rebolusyonaryong medikal mula sa *urban*, "Ang direktang paglahok ng mga medikal sa gera ay mas makapagpapaangat ng kanyang karunungan tungo sa mas mataas na antas ng praktika sa gawaing pangkalusugan."

Sa pagtatapos ng kumperensya, masigasig ang mga delegado na ipatupad at isapraktika ang mga pinagkaisahan at natutunan. Babalik sila sa kanya-kanyang mga larangan bitbit ang mga bagong teorya at kaalaman. AB

# Pandarahas ng rehimen, bumungad sa 2019

Walang habas ang pananalasa ng mga armadong tauhan ng rehimeng US-Duterte sa unang mga linggo ng Enero. Hindi bababa sa 66 indibidwal ang biktima ng iba't ibang kaso ng pagpaslang, iligal na pag-aresto at panggigipit. Maliban dito, 41 pamilya ang naitaboy sa kanilang mga tirahan, at 15 baryo at komunidad ang naiulat na hinahalihaw ng mga sundalo.




### Limang sibilyan, pinaslang

Sa Bicol, tatlong sibilyan ang pinatay ng mga sundalo ng 96th MICO sa loob lamang ng halos dalawang linggo. Noong Disyembre 31, 2018, pinagbabaril hanggang mamatay si Ranoy Sampaga Masanoc, 27, habang ipanapasada ang kanyang habal-habal sa Sityo Matungao, Barangay Tugbo, Masbate. Mga tama ng bala sa ulo at dibdib ang ikinamatay ni Masanoc.

Noon namang Enero 11 at 12, sa magkahiwalay na insidente, pinagbabaril at napatay ng mga lalaking nakamotorsiklo ang magkaibigang sina Nicasio Ebio at Hermenegildo Domdom sa prubinsya ng Sorsogon. Unang pinatay si Ebio, 37, isang mangingisda at aktibong myembro ng Anakpawis. Pinatay siya malapit lamang sa *barangay hall* ng Bato sa distrito ng Bacon.

Ayon sa mga saksi, bago patayin ay itinaas pa ni Ebio ang kanyang mga kamay at nagmakaawa sa mga salarin. Matapos ang krimen, nagpahayag ang isa sa mga bumaril na isang lalaki at isang babae pa ang kanilang papatayin.

Kinabukasan, sa katabing bayan ng Prieto Diaz, pinatay naman si Domdom, 32, isang manggagawa sa *construction*. Ayon sa mga katrabaho ni Domdom na kaangkas niya sa motorsiklo nang isinagawa ang krimen, binabaybay nila ang hangganan ng mga barangay ng San Ramon at Lupi nang harangin sila ng dalawang lalaking sakay ng motorsiklo. Pinadapa si Domdom bago pinagbabaril. Dati na siyang inakusahang myembro ng BHB. Ang kanyang asawa ay aktibong myembro ng Anakpawis at pinaniniwalaang isa sa mga tinukoy ng mga salarin na papatayin.

Sa Quezon, pinatay ang magsasakang si Albert Espenas, 39, residente ng Barangay Mabunga sa San Francisco. Noong Enero 8, nagbabantay ng kanyang tindahan nang pagbabarilin ng mga salarin na nagpanggap na bibili.

Sa Negros Oriental, noong Enero 11, hinarang ng mga armadong lalaki si Remeglo Arquillos habang nagmamaneho ng kanyang habal-habal sa Barangay Bulado, Guihulngan City. Matapos nito'y pinagbabaril siya hanggang mamatay.

## Mga katutubo, iligal na inaresto

Anim na mangingisdang Kalinga ang iligal na inaresto ng mga sundalo ng 17th IB noong Enero 14 sa San Mariano, Isabela Ang mga biktima ay sina Espido Tamang, Jojo Tamang, Rodel Infiel, Arjay Zipagan, Tuting Ampa at Porong Ampa.

Nangingisda ang anim sa Barangay Panninan nang paputukan ng mga sundalo, dinakip at iligal na idinetine nang dalawang araw sa kampo ng militar sa Rogus, Cauayan City. Pinagbintangan silang nagtatago ng mga granada sa kanilang mga basket at lambat. Napalaya ang anim matapos dumagsa ang mga residente, mga upisyal ng barangay at munisipyo, at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao.

Sa Davao del Norte, dinukot ng mga sundalo ng 71st IB noong Enero 16 si Raquel Quintano, 42, tagapagsalita ng Kalumonan, organisasyon ng mga kaanak ng mga bilanggong pulitikal sa Southern Mindanao.

Habang nag-aabang si Quintano ng dyip bandang alas-8:30 ng umaga sa Barangay Madaum, Tagum City, isang itim na Toyota Vios ang huminto sa tapat niya at sapilitan siyang isinakay. Kinabukasan, inilitaw siya ng 71st IB sa kampo nito sa Mawab, Compostela Valley at malisyosong iprinisinta bilang umano'y tagakolekta ng buwis ng BHB. Si Quintano ay aktibong tagapagtanggol ng karapatang-tao at masigasig na kumilos upang mapanagot ang 71st IB sa pagtortyur at tangkang pagsunog sa dalawang magsasaka noong Nobyembre 2017. (Basahin sa Ang Bayan Enero 7, 2018)

Dalawang estudyante naman ng paaralang Lumad na Salugpungan ang iligal na inaresto ng 66th IB sa Barangay Ngan, Compostela, Compostela Valley noong Enero 17, alas-3 ng hapon. Matapos nito, iprinisinta sila bilang "sumurender" na mga myembro ng BHB.


Iligal ding inaresto ng mga pulis si Jennifer David noong Enero 16, alas-5 ng hapon sa Barangay San Matias, Sto. Tomas, Pampanga. Si David, aktibong myembro ng Kabataan Partylist, ay dinala sa istasyon ng PNP sa Sto. Tomas at pinaratangan na "terorista."

## Kabahayan, dinemolis

Nawalan ng tirahan ang 15 pamilyang maralitang magsasaka sa Zone 7 San Rafael, Barangay Carayan, Naga City matapos ipademolis ng City Hall ang kanilang mga bahay noong Enero 17.

Alas-5 pa lang ng umaga, bumulaga sa mga residente ang mga myembro ng PNP-SWAT at mga bayarang maton. Sunud-sunod na panghaharas ang ginawa ng mga pulis sa mga residente bago tuluyang giniba ang kanilang mga bahay bandang tanghali. Ilan sa kanila ay tinutukan ng baril ng mga pulis.

Tatlumpung taon nang naninirahan ang mga magsasaka sa bahagi ng kabuuang 14.8 ektaryang sakahang ipinailalim sa pagpapalit-gamit.



## Panggigipit sa mga aktibista't magsasaka


Sa Negros Occidental, hinarang ng mga sundalo ng 303rd IBde at PNP Magallon ang 17 delegado ng *relief operations* sa isang tsekpoynt sa Guinpana-an, Magallon, Negros Occidental noong Enero 15, alas-5 ng hapon. Nagmula ang grupo sa Sityo Tacpao, Trinidad, Guihulngan City para magbigay ng tulong sa mga pamilyang biktima ng militarisasyon.

Kabilang sa mga delegado ang mga myembro ng Bayan, Karapatan, Iglesia Filipina Independiente, at mga manggagawang pangkalusugan. Aabot sa 30 minutong pinigilan ng mga sundalo at pulis na makaabante ang sasakyan ng grupo, at binuntutan pa ng sasakyan ng militar hanggang sa bayan ng La Castellana.

Sa Don Salvador Benedicto, pinagtatabas ng mga armadong maton ng panginoong maylupang si Melvin Ybañez ang pananim ng 32 magsasaka at sinira ng traktora ang kanilang mga mais sa Hacienda Tupas sa Barangay Bunga noong Enero 12. Kinabukasan, pinagbantaan ang mga magsasaka na isa-isang papatayin ayon sa utos ni Ybañez.

Sa Bohol, isang *text* ang natanggap ni Joemar Pogio mula sa pinaniniwalaang ahente ng estado na nag-aakusa sa kanya bilang upisyal ng rebolusyonaryong kilusan na may mataas na katungkulan. Pinatitigil din siya sa pagiging myembro ng Hugpong sa Mag-uuma sa San Miguel, at inalok ng pera kapalit ng kooperasyon.

Pinaghahanap din si Rakel Autida ng mga sundalo ng 47th IB habang nagbabahay-bahay ang mga ito sa Barangay Canlangit sa bayan ng Sierra Bullones. Si Autida, myembro ng Gabriela, ay inaakusahang Abu Sayyaf.



# Tuluy-tuloy na mga protesta

Magkakasunod na protesta ang inilunsad ng mga demokratikong sektor upang igiit ang kanilang mga karapatan sa kabuhayan at kundenahin ang tumitinding panunupil at pandarahas ng rehimen. Tampok sa mga ito ang pagkilos ng mga magsasaka, estudyante, manggagawa, kababaihan at maralitang lungsod.

**Protesta para ibalik ang coco levy**

Mahigit 450 magniniyog mula sa Batangas sa pangunguna ng Balaybay at Coco Levy Funds Ibalik sa Amin, kasama ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ang nagprotesta noong Enero 15 sa harap ng Philippine Coconut Authority sa Quezon City. Ipinanawagan ng grupo ang pagbalik ng may P100-B pondong *coco levy* sa mga benepisyaryo nito at tinutulan ang pribatisasyon ng naturang pondo. Sa itinutulak na *coco levy bill* ng rehimen, "mga panginoong maylupa, malalaking planters at negosyo ang makikinabang sa pondo na dapat ay para sa maliliit na magniniyog at manggagawang bukid," sabi ni Agaton Bautista ng Balaybay.

Dagdag pa ng grupo, ang *coco levy bill* sa esensya ay pagbibigay nang buung-buo sa pribadong mamumuhunan samantalang barya at tira-tira na lamang ang maiiwan sa mga magsasaka.

**"Black Friday protest" laban sa red-tagging at pandarahas**

Nagprotesta noong Enero 18 ang iba't ibang grupo ng kabataan sa pangunguna ng Anakbayan at League of Filipino Students (LFS) laban sa pagtugis ng mga elemento ng PNP at AFP sa mga mag-aaral at kasapi nito.

Pinalalabas ng PNP na ang mga mag-aaral ng Polytechnic University of the Philippines at University of the Philippines (UP) ay nirerekrut sa Bagong Hukbong Bayan.

Noong Enero 14, naglabas ang National Union of Students of the Philippines ng pabatid na pinaghahanap ng AFP ang lider-estudyante at miyembro nitong si Rejhon Soriano Modesto.

Kinundena rin ni UP-Diliman Chancellor Michael Tan ang pahayag ng PNP. Aniya, kinikilala ng UP na hindi dapat nalilimitahan ang pagkatuto ng mga estudyante sa loob ng pamantasan.

Dagdag pa ni Tan, ang patuloy na pandarahas ng AFP at PNP ay nagdudulot ng pag-aalala sa mga magulang at mag-aaral habang nagpapahintulot pa sa mga militar at pulis na takutin ang mga guro at mag-aaral ng UP.

Anang LFS, ito ay bigong pagtatangka ng rehimen para pigilan ang lumalakas na kilusang kabataan at pahinain ang kanilang paglaban sa tiranikong pamumuno ni Duterte.

Kasabay ng pagkilos, nanawagan din ang mga kabataan ng dagdag na badyet sa edukasyon at libreng edukasyon para sa lahat.

*"Tuluy-tuloy...," sundan sa pahina 10*

---

## Militarisasyon sa Negros at Surigao del Sur

Aabot sa 150 elemento mula sa 62nd IB, 94th IB at PNP ang nananalasa sa mga baryo sa Central Negros mula pa noong madaling araw ng Enero 9. Militarisado ang mga baryo sa magkakanugnog na bayan ng La Castellana, Magallon (Moises Padilla) at Guihulngan City.

Sa La Castellana, okupado ng mga sundalo ng 62nd IB at PNP ang mga barangay ng Puso, Cabacungan at Manghanoy. Sa Barangay Puso pa lamang, may 100 sundalo ang umookupa sa tatlong sityo ng baryo. Militarisado rin ang mga barangay ng Macagahay, Montilla at Guinpana-an sa Magallon, at Tacpao, Binobohan at Trinidad sa Guihulngan City.

Sa mga baryong ito, iligal na pinapasok ng mga sundalo ang mga kabahayan, nag-iinteroga sa mga dumaraan, at umookupa sa mga paaralang elementarya at hayskul, na nagdudulot ng takot sa mga estudyante at mga guro. Ginawa ring kampo ng mga sundalo ang mga *barangay hall.*

Sa Surigao del Sur, militarisado rin ng 75th IB at 36th IB ang mga komunidad ng Lumad sa Barangay Diatagon, Lianga mula pa noong huling linggo ng Disyembre 2018. Kabilang dito ang mga sityo ng Simowao, Emerald, Manluy-a, Panukmoan, Decoy at Han-ayan. Limitado ang pagkain ng mga residente dahil hindi makapunta sa kanilang mga sakahan.

Noong Disyembre 31, 2018, alas-2 ng hapon, anim na bomba ang bumagsak sa Panukmoan at Decoy, may 150 metro lamang ang layo mula sa sentro ng mga komunidad. Nagresulta ito sa sapilitang pagbakwit ng 26 pamilyang Lumad (172 indibidwal).

Noong Enero 12, tatlong drayber ng habal-habal ang ipinailalim sa panggigipit at interogasyon ng mga sundalo ng 75th IB. Pawang inakusahang mga myembro ng BHB ang tatlo. Isa sa kanila ay pinaputukan, at ang isa pa ay sinikmuraan gamit ang dulo ng riple.

Noong Enero 13, hinarang ng mga sundalo sa Sityo Neptune ang pagkain para sa mga estudyante at guro ng paaralang ALCADEV. Ipinailalim sa interogasyon ang mga guro at istap ng paaralan, gayundin ang drayber ng habal-habal at iba pang kasamahan nilang taga-komunidad. Kinabukasan, pinagbawalan na ng mga sundalo ang mga Lumad na magpasok ng pagkain mula sa bayan kung walang pahintulot ng Department of Social Welfare and Development. AB

"Tuluy-tuloy...," sundan sa pahina 10

**Rali ng mga manggagawa laban sa Sumifru**

Noong Enero 18, nagmartsa ang mahigit 200 manggagawa ng Sumifru Phils. Corp. sa harap ng punong tanggapan ng kumpanya sa Makati. Binato nila ng mga pintura ang tarangkahan ng kumpanya at iginiit na ipatupad na nito ang kautusan ng Korte Suprema na gawing regular ang mga manggagawa at itigil ang pandarahas ng militar.

Noon pang nakaraang taon naglunsad ng kampuhan sa Maynila ang mga manggagawa sa ilalim ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farms (NAMASUFA) mula sa Compostela, Compostela Valley.

Sabi ni Paul John Dizon, tagapangulo ng NAMASUFA, mula nang magsimula ang kanilang paglaban, isa sa kanilang kasamahan ang pinaslang, dalawa ang nakaligtas sa tangkang pamamaslang, halos 20 ang sinaktan, sinunog ang kanilang mga kampuhan at ninakawan ang kanilang mga bahay kabilang na ang upisina ng unyon. Aniya, ang mga pandarahas na ito ay dulot ng patuloy nilang pakikibaka laban sa Sumifru na kasabwat ang mga pwersa ng estado.

Ang Sumifru Phils. Corp. ay kumpanyang agrikultural na nagpoprodyus at nag-eeksport ng prutas. Pangunahing mga produkto nito ang saging, pinya at papaya. Mahigit 12,000 ektarya ang saklaw ng operasyon nito sa Mindanao. Sa Compostela pa lamang, saklaw nito ang may 2,200 ektarya ng lupa kabilang na ang siyam na *packing plants* at nakapagluluwas ng may pitong milyong karton ng prutas kada taon. Hindi baba sa P19 milyon kada araw ang kita ng kumpanya sa Compostela pa lamang.

Bago nito, nagprotesta sa harap ng DOLE ang mga manggagawa upang ipanawagan na gawing P750 ang minimum na sahod.

**PayDay protest caravan, inilunsad**

Kasabay ng unang sahod sa



2019 at pagtaasan ng presyo ng langis, naglunsad ng *protest caravan* ang Defend Job Philippines at Kilusang Mayo Uno-Metro Manila noong Enero 15 laban sa pagtaas ng presyo ng bilihin, mababang sahod at kontraktwalisasyon.

Isinagawa ang protesta sa Seaoil Gas Station sa tulay ng Mendiola sa Quiapo, sa Department of Justice, Court of Appeals at Department of Labor and Employment sa Maynila. Nagpiket din ang grupo sa harap ng embahada ng Japan at Toyota sa Roxas Boulevard. Tumigil din ang grupo sa harap ng pangunahing bodega ng Jolibee sa Parañaque. Kinundena nila ang nagpapatuloy na kontraktwalisasyon, pagbuwag sa mga unyon, iligal na tanggalan at paglabag sa mga batas ng paggawa.

Noong Enero 14, nagtipon naman ang mga kasapi ng Bayan sa kahabaan ng Elliptical Road sa Quezon City upang kundenahin ang pagpapatupad ng bagong dagdag buwis at kasabay na pagtaas ng presyo ng langis.

**Martsa ng kababaihan laban sa kahirapan at panunupil**

Noong Enero 19, bilang unang aktibidad sa paggunita ng pandaigdigang araw ng kababaihan, ikinasa ng Gabriela at Gabriela Women's Party ang Women's March against Poverty and Repression sa Mendiola, Manila.

Tinuligsa nila ang lumalalang kahirapan na dulot ng pagpapatupad ng una at ikalawang dagdag buwis sa ilalim ng TRAIN at ng programang "Build, Build, Build" ng rehimeng Duterte.

Hustisya rin ang sigaw ng kababaihan laban sa lumalalang pasismo at panunupil ng estado sa mamamayan. Kabilang dito ang dumaraming pamamaslang, pagaresto at *red-tagging* sa iba't ibang pangmasang organisasyon. Binatikos din nila ang pagpapalawig pa ng batas militar sa Mindanao at Memorandum Order 32 sa Negros, Bicol at Samar.

Ambag din ang pagkilos na ito sa nagaganap na *global women's march* sa US at iba pang bahagi ng mundo.

**Negosyong pabahay kinundena ng Kadamay**

Noong Enero 7, nagmartsa ang mahigit 500 kasapi ng Kadamay sa harap ng National Housing Authority (NHA) upang kundenahin ang negosyong pabahay ng ahensya, at ang pagpapatupad ng neoliberal at kontra-maralitang patakaran ng rehimeng Duterte.

Kabilang sa mga nagprotesta ang mga kasapi ng Kadamay Pandi, Bulacan na hanggang ngayon ay hindi pa rin binibigyan ng NHA ng kasiguruhan sa paninirahan, at mga serbisyong kuryente at tubig. Kasama rin sa grupo ang mga naglunsad ng Occupy Pabahay sa Montalban, Rizal, at mga residente ng mga komunidad sa Metro Manila na may bantang demolisyon.

"Nakakadismaya na walang ginagawa ang pamahalaan para tumulong. Ang prayoridad nila ang negosyo. Inuuna pa ng mga ito ang programang 'Build, Build, Build' na kanilang pinagkakakitaan," ani Gloria Arellano, pambansang tagapangulo ng Kadamay.

Tinangka rin ng grupo na makapasok sa loob ng NHA upang maiparating ang kanilang mga hinaing. Nagpahayag sila na masusundan pa ang pagkilos hanggang sa tuluyang mapabagsak si Duterte sa puwesto dahil sa dulot nitong kahirapan at paglabag sa karapatang tao. AB